

Nangungunang 10 mga paraan upang makatipid sa mga bayarin sa kuryente

Narito ang 10 madadaling mga mungkahi upang panatilihin mababa ang iyong mga bayarin sa kuryente.

1. Ihambing ang mga retailer (tagapagtingi) ng enerhiya

Pumunta sa Victorian Energy Compare, kung saan mabilis mong maikukumpara lahat ng mga inaalok na kuryente, gaas at solar na makukuha sa inyong lugar.

Ang Victorian Energy Compare ay isang independiyenteng website ng Pamahalaang Victoria kung saan maaari mong ihambing ang mga inaalok na kuryente, gaas at solar mula sa lahat ng mga retailer ng enerhiya, batay sa impormasyong ibinigay mo tungkol sa iyong kabahayan o maliit na negosyo.

2. Isara ang mga pinto at mga kurtina

Ang pagpapalamig ng buong bahay ay maaaring maging mahal. Kung posible, isara ang mga pinto sa mga lugar na hindi mo ginagamit at palamigin lamang ang mga silid na pinaglalaman mo nang madalas.

Tiyakin na lubos na tinatakpan ng iyong mga kurtina o mga persyana (blinds) ang iyong mga bintana, at panatilihin nakababa ang iyong mga kurtina sa mga araw na napakainit. Harangan ang mga pasukan ng lamig sa paligid ng pinto at mga bintana para pigilan ang pagtagas ng malamig na hangin palabas.

Gumamit ng panlabas na panlilim, tulad ng mga panlabas na blinds o mga lonang medya-agwa (canvas awning), upang harangin ang araw sa mga bintana

3. Itakda ang iyong Termostat

Bawat degree na higit sa 20 degrees ay maaaring magdagdag ng mga 10% sa iyong heating bill.

Sa tag-init, itakda ang inyong thermostat sa 26 degree o higit pa. Sa taglamig, ang pagpa-init ay maaaring dahilan ng higit sa 30% ng inyong bayarin. Itakda ang inyong thermostat sa pagitan ng 18 at 20 degree. Maaaring magdagdag ang bawat degree na mataas sa 20 ng 10% sa iyong bayarin sa pagpa-init (heating bill).

4. Isara ang mga pampainit (heater) at pampalamig (cooler) kapag hindi mo kailangan ng mga ito

Isara kapag nilisan mo ang silid, o kung matutulog ka. Sa ilang mga sistema ng ducted heating, maaari mong patayin ang mga pampainit (heating) sa mga silid na walang tao. Tiyakin na ang lahat ng iyong mga pampainit (heating) o pampalamig (cooling) ay nakapatay kapag aalis ka ng bahay.

5. Maglaba ng mga damit gamit ang malamig na tubig

Maaari kang makatipid ng mga \$115 kada taon sa paglalaba ng mga damit sa malamig na tubig. Maaari ka ring makatipid sa pamamagitan ng pagtiyak na pinipili mo ang pinakamaikling angkop na ikot ng paglalaba (washing cycle) at naghihintay hanggang marami na ang labada (full load).

Nangungunang 10 mga paraan upang makatipid sa mga bayarin sa kuryente

6. Patakbuhin ang iyong pridyider nang mahusay

Ang iyong pridyider ay laging umaandar, kaya isa ito sa iyong pinaka-mamahaling kagamitan. Tiyakin na ang door seal ay lapat at walang mga puwang na matatakas ng malamig na hangin. Ang mahusay na temperatura ng pridyider ay 4 o 5 degree at ang mahusay na temperatura ng freezer ay menos 15 hanggang menos 18 degree Celsius. Kung ikaw ay may pangalawang pridyider o freezer, paandarin lamang ito kung kailangan mo ito.

7. Gamitan ng insulasyon ang iyong bubong

Malaki ang maitutulong ng kisameng may insulasyon sa iyong mga bayarin sa kuryente. Kung ikaw ay mayroon ng nakakabit na insulasyon, tingnan kung ito ay nakakabit nang maayos at may tamang grado (sinukat sa 'R-value'). Sa Victoria, ang insulasyon na may gradong R3.5 o mas mataas ay dapat gamitin para sa kisame.

8. Magtipid ng kuryente sa kusina

Tunawin ang yelo sa iladong mga pagkain upang mabawasan ang oras ng pagluluto. Kapag ikaw ay nagluluto, gamitin ang microwave hangga't maaari - ito ay gumagamit ng mas kaunting enerhiya kaysa sa elektronikong hurno. Kung gagamitin mo ang kalan, lagyan ng takip ang mga kaldero para mabawasan ang oras ng pagluluto. Gamitin ang matipid na ikot (economy cycle) sa iyong dishwasher at gamitin lamang ito kapag puno na.

9. Gumamit ng matipid sa kuryenteng mga globo ng ilaw

Palitan ang lumang mga bombilyang halogen ng mga bombilyang LED na matipid sa kuryente. Ang mga bombilyang mahusay sa enerhiya ay matipid sa kuryente at tumagal pa. Kung minsan ay mapapalitan ang mga bombilya nang walang bayad o sa binawasang halaga. Tingnan sa: [Victorian Energy Upgrades](#).

Alamin pa kung paano makakatipid sa kuryente sa paggamit ng mahusay na pag-iilaw sa [Sustainability Victoria](#).

10. Unawain at pagbutihin ang paggamit ng enerhiya sa inyong tahanan

Ang pagtatasa ng Scorecard ay sumusuri sa mga permanenteng mga bahagi (fixed features) sa inyong tahanan – ang paraan kung paano tinayo ang mga ito at kinabitan ng insulasyon, iniinitan at pinalalamig, ang iyong pag-iilaw at tubig sa pagpapainit – at nagmumungkahi ng mga pinakamabisang pagbabago na magagawa mo upang mabawasan ang iyong paggamit ng kuryente at madagdagan ang iyong kaginhawahan. Ang kakaibang 'hot water rating' ng Scorecard ay nagpapaliwanag kung paano mapapanatiling malamig ang inyong bahay kung napakainit ng panahon, kahit na walang air conditioning. Tingnan sa: [Victorian Residential Efficiency Scorecard](#).



Kung kailangan mo ng tulong, kontakin lamang ang Serbisyo sa Pagsasalinwika at pag-iinterpretar (TIS) para sa tulong sa pagsasalin at pagpapaliwanag sa wika. Kontakin ang TIS National sa 131 450 (sa Australya) o bisitahin ang www.tisnational.gov.au